Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG CALLIOS NOONG IKA- 3 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Edgardo T. Porca ........... Kagawad
nasa lakad opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 169-T´2000

KAPASIYAHANG IBINABALIK ANG INALIS NA POSISYONG LICENSE OFFICER I PARA SA LISENSYA AT PERMISO NG TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN.

SAPAGKA´T, ang posisyong License Officer I na nasa Plantilla of Organization of Personnel ng pamahalaang bayan ay inalis nang nakaraang pamamahala sanhi ng paglampas sa 45% limitasyon sa pantauhang paglilingkod;

SAPAGKA´T, may kahilingan ang Pansamantalang Pambayang Administrador na mapabalik ang nasabing posisyon dahilan sa pangangailangang magampanan nang maayos ang mga tungkulin para sa kapakinabangan ng nasabing tanggapan;

KUNG KAYA´T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na ibalik ang inalis na posisyong License Officer I para sa Lisensya at Permiso ng Tanggapan ng Punong Bayan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Panlalawigang Tanggapan ng Serbisyo Sibil, Pambayang Mananangggol at Punong Pantauhan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan